



Kwalipikado ka ba para sa Golden State Stimulus (Ayuda ng Golden State)?



Ano ang Golden State Stimulus (Ayuda ng Golden State)?

Sinusuportahan ng California ang mga residenteng may mababang kita sa pamamagitan ng pang-isang beses na kabayaranang \$600 sa mga nagbabayad ng buwis na kwalipikado para sa California Earned Income Tax Credit (CalEITC, Kredito ng Buwis sa Pinagtrabahuhang Kita sa California) sa taon ng buwis 2020. May makukuha ring \$600 na kabayaran ang mga nagbabayad ng buwis na ihahain ang kanilang mga buwis gamit ang Individual Taxpayer Identification Number (ITIN, Numero ng Pagkakakilanlan ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis) at kumita ng \$75,000 o mas mababa pa sa taong 2020.

Upang maging kwalipikado para sa Golden State Stimulus, kailangan mong:

- Kumita ng mas mababa sa \$30,000 sa taong 2020.**
Kung kumita ka ng mas mababa sa \$30,000 sa taong 2020, maaari kang maging kwalipikado para sa Golden State Stimulus. Siguraduhing i-claim ang CalEITC sa panahon ng pagbubuwis na ito upang maging kwalipikado sa pagtanggap ng kabayaranang GSS.
- o-
- Ihain ang mga buwis sa ITIN at kumita ng \$75,000 o mas mababa pa sa taong 2020.**
Kung inihain mo ang iyong mga buwis gamit ang ITIN at kumita ka ng \$75,000 o mas mababa pa sa taong 2020, maaari kang maging karapat-dapat na tumanggap ng kabayaranang \$600, kahit na hindi ka kwalipikado para sa CalEITC. Kung inihain mo ang iyong mga buwis gamit ang ITIN at kwalipikado ka para sa CalEITC sa taong 2020, maaari kang maging karapat-dapat na tumanggap ng pang-isang beses na kabayaranang \$1,200. Dagdagan ang kaalaman tungkol sa pag-claim ng CalEITC bilang may hawak ng ITIN.
- Ihain ang iyong mga buwis bago lumampas ang Oktubre 15, 2021**
Kung kumita ka sa taong 2020, at kwalipikado ka para sa CalEITC, dapat mong ihain ang iyong mga ulat ng buwis para sa taong 2020 bago lumampas ang Oktubre 15, 2021 upang matiyak na matatanggap mo ang iyong kabayaranang GSS.
- Maging residente ng California**
Kailangan mong maging residente ng California sa petsang naisyu ang kabayaran.
- Maging 18 taong gulang o mas matanda pa sa Disyembre 31, 2020.**
- Hindi maging karapat-dapat na i-claim bilang dumedepende sa ibang ulat ng buwis.**

Kung kwalipikado ka para sa CalEITC, malamang na maging kwalipikado ka para sa GSS.